

Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center (GIC)

International Exchange at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER

Nobyembre 2022 No.154

© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモト # 0195



Ang presentasyon may kaugnay sa GIC — ay ginanap muli pagkatapos ng mahabang tatlong taon! —

(Ika-100 Anibersaryo ng Lithuania Friendship at Ika-70 Anibersaryo ng Establishment of Diplomatic Relations between Japan and India) Ika-34 "Hello Gifu, Hello World 2022"

Ipinakilala ng center ang mga aktibidad ng internasyonal na pagpapalitan, mga organisasyon ng pakikipagtulungan ng Gifu Prefecture at ang mga kultura ng iba't ibang bansa sa mga mamamayan sa Gifu, sa pamamagitan ng iba't ibang mga karanasan na ginaganap taun-taon.

Ngayong taon, kasabay ang ika-100 anibersaryo ng pagkakaibigan ng Japan-Lithuania, ginunita din muli ang ika-70 anibersaryo ng pagkakatatag ng diplomatikong relasyon sa pagitan ng Japan at India, na ginanap sa Minna no Mori Gifu Media Cosmos pagkatapos ng tatlong mahabang panahon.

Ang ilang Ukrainian refugee ay lumahok ng niglian, kung kaya sila ay ipinakilala namin sa entablado at nagsagawa ng aktibidad sa pangangalap ng pondo.



Stage event @ Doki Doki Terrace

Sa taong ito ay minarkahan ang ika-100 anibersaryo ng pagkakaibigan ng Japan at Lithuania, kinilala ni Giedore, na isang Lithuanian-born Gifu Prefectural Coordinator for International Relations, ang mga nagawa ni Chiune Sugihara, isang dating Deputy Consul sa Lithuania na kilala sa kanyang humanitarian assistance, na tinawag na "Visa of Life". At sa dulo, pinag-usapan din ang tungkol sa palitan ng Gifu Prefecture at Lithuania. Ang kaganapan sa entablado ay binuksan sa pamamagitan ng mga kanta at sayaw ng mga bata ng Sunnyside International School, at limang prefectural coordinator para sa internasyonal na relasyon mula sa ibang mga bansa (France, America, Vietnam, England, at Brazil) ang nagpakilala sa kanilang mga bansang pinagmulan. Sa hapon, pinatugtog ang musikang Indian upang gunitain ang ika-70 anibersaryo ng pagkakatatag ng relasyong diplomatiko sa India. Komento ng mga bisita, "Nakakatuwang pakinggan ang mga kuwento ng mga coordinator mula sa iba't ibang bansa, kahit na hindi ako nakakapag-abroad." May nagkomento din na "Nakaranas ako ng internasyonal na palitan sa unang pagkakataon sa mahabang panahon, at ito isang mahalagang panahon" at, "Ang Flamenco, belly dance, at South Indian dance ay kahanga-hangang lahat." Ito ay isang pagkakataon para sa maraming residente na maging pamilyar sa internasyonal na palitan.



▲ Mga kanta at sayaw ng mga kindergarten



▲ Flamenco ng Gifu Spanish Cultural Center



▲ Gifu International Exchange Staff

Booth exhibition @ Kangaeru Studio

Sa Kangaeru Studio, 26 na international exchange group ang nagtayo ng mga booth, ipinakilala ang kultura ng bawat bansa, ang mga aktibidad ng bawat grupo, at nagbenta ng mga katutubong handicraft. Maraming tao ang dumating upang makita ang mga pambansang watawat ng bawat bansa sa pamamagitan ng mga glass window. Isang knitting workshop na tinatawag na "Tautiné juosta" ang ginanap sa booth ng Gifu-Lithuanian Friendship Association, at nag-set up kami ng isang sulok para sa paggawa ng mga orihinal na bookmark, mga larawan mula sa Vietnam at Lithuania, gaya ng pagdikit ng pambansang watawat at mga sticker ng Minamo, nakakatuwang maranasan namin ang iba't ibang kultura.

◆ Workshop "Tautiné juosta" making

Ang Tautine juosta ay orihinal na ginamit bilang sinturon para sa mga katutubong kasuotan (isang kimono belt sa Japan), at ginagamit para sa mga espesyal na okasyon gaya ng mga kasalan kung kailan kailangan ang pormal na pagsusuot. Sa pagkakataong ito, nagsagawa kami ng workshop gamit ang sinulid at tape na may larawan ng Tautine juosta. May kabuuang 50 mga magulang at mga bata ang dumalo, at marami sa kanila ang nagsuot nito sa kanilang mga braso na parang mga pulseras at iniuwi ito bilang souvenir.

Nag set-up kami ng Ukrainian Refugee Support Fund donation box. Kung nais ninyo magbigay ng donasyon, pakisuyo i-scan ang QR code. Upang ma-check ang mga detalye patungkol sa donasyon.



▲ Pag-set up ng mga kahon para sa donasyon



▲ Online game trial corner



▲ gawang Tautiné juosta

Sa lahat, alam po ba ninyo ang opisyal na wika ng Brazil na "Portuguese"?



Upang maisulong ang multicultural coexistence, ang aming center ay magsasagawa ng kurso sa wikang Portuges na ginagamit ng siyam na bansa sa buong mundo, na itinuturo ng isang CIR mula sa Brazil bawat taon. Noong Mayo, nagsagawa kami ng panimulang kurso, at noong Hulyo, nagsagawa kami ng beginner (mas mababang) kurso online. Sa kursong ito, nagbibigay kami ng mga materyales sa pagtuturo na may kasamang DX na mararanasan online habang nag-aaral ng Portuges sa masayang paraan, gaya ng online games. Subukan ninyo ito kung saan matututo kayo ng Portuguese na pagbati! (Walang kinakailangang personal na impormasyon. I-scan lamang ang QR code!)



▲ Ito ang QR code

Mga nagging impression ng mga kalahok


- Hindi pa ako nakapag-aral ng Portuges dati, ngunit naiintindihan ko ito nang kaunti sa limitadong panahon, nag-enjoy at masaya ako. Gusto kong ipagpatuloy ang pag-aaral kong maaari.
- Sa pamamagitan ng seryosong paghahanda at pagrerebyu ng mga aralin, naramdaman kong talagang natututo ako.
- Napakadali ng makapag-aral ng mga wikang banyaga para sa magkakasamang kultura online, kaya nagpapasalamat ako. Nais kong ipagpatuloy ito sa hinaharap.

Sa susunod na kurso

Dahil sa popular na demand, pinaplano naming magsagawa ng beginner (middle) at beginner (upper) classes sa taglagas at taglamig! Ang lahat ng mga antas ay nagsisimula mula sa alpabeto (basic), kaya kahit na ang mga hindi pa nakasubok mag-aral ng Portuges ay malugod naming tinatanggap! Bakit hindi ka mag-atubiling sumali sa amin?

Kurso sa wikang Vietnamese para sa magkakasamang kultura

Ang center ay nagdaos ng kurso sa wikang Vietnamese sa unang pagkakataon noong Mayo ng taong ito, at maraming tao na nakatira at nagtatrabaho sa prefecture ang lumahok. Sa pagtatapos ng Agosto, mayroon kaming 2 na panimulang Vietnamese na kurso at 1 beginner Vietnamese na kurso. Upang maiwasan ang pagkalat ng bagong impeksyon sa coronavirus, ginanap ito online gamit ang web conferencing system na "Zoom", ngunit sa pamamagitan ng online, maging ang mga nakatira sa malalayong lugar mula sa center tulad ng Yoro Town at Ogaki City ay nakapag-aral din.



Ang mga kalahok ay lahat ng taong interesado sa Vietnam, tulad ng mga manggagawa sa opisina, mga may asawang Vietnamese, at mga retiradong tao. Ang Vietnamese ay kadalasang sinasabing mahirap na wika para sa Hapon dahil sa maraming simbolo ng tonal at malabong patinig.

Ang mga komento ng mga mag-aaral ay ang mga sumusunod. Inaasahan namin na kayo din ay lumahok sa aming kurso sa wikang Vietnamese!

- Bagaman ito ay isang maikling panahon, ito ay isang magandang aral na may maingat na paggabay ng guro at ang nilalaman ng teksto ay madaling maunawaan. Salamat.
- Naging interesado ako sa wikang Vietnamese. Gusto kong magpatuloy sa pagkuha ng mga klase.
- Medyo mahirap kunin ang kurso sa oras ng trabaho. Gayunpaman, napakalaking tulong sa akin na mai-record ang mga ito.

▶ Para sa impormasyon sa mga language course na gaganapin ng Gifu International Exchange Center i-scan ito



Patungkol sa Lump-sum Withdrawal Payment

Kung ang isang hindi Japanese national na tao ay nawalan ng eligibility bilang insured (o miyembro, atbp.) ng national pension o welfare pension insurance (kasama na ang mutual aid association, atbp) ay umalis na sa bansang Japan, pwede mong makuha ang lump-sum withdrawal payment sa loob ng dalawang taon simula sa petsa na kung saan ay wala ka ng adres dito sa Japan.

Mga proseso upang makuha ang national pension

1. Hindi isang Japanese national
2. Hindi insured person ng public pension system (welfare pension insurance or national pension)
3. Kung ang premium ay bayad na ng may mahigit 6 o higit pa na mga buwan (Kahit pa ikaw ay nakarehistro sa national pension, ngunit hindi bayad ang premium hindi nito matutugunan ang requirements.)
4. Hindi natupad ang eligibility period sa pagtanggap ng pensiyon sa katandaan (10 taon kasama ang panahon na sakop ng welfare pension insurance, atbp.)
5. Hindi kailanman nagkaroon ng karapatang tumanggap ng pensiyon tulad ng pangunahing pensiyon para sa kapansanan
6. Walang adres sa Japan
7. Dalawang taon o higit pa ang hindi lumipas mula noong huling pagkakataon na nawalan ka ng eligibility bilang insured sa public pension system (kung may adres ka ng mawala ang eligibility, kailangan mag-change adres ka agad sa Japan sa araw din na iyon. Wala pang 2 taon simula sa petsa na ito na mawala ang adres).

Paraan ng pag-claim

1 Paghahanda ng Lump-sum Withdrawal Payment Request Form (1) at Attached Documents (2)

(1) Ang mga sumusunod na wika ay makukuha sa website ng Japan Pension Service: "Lump-sum Withdrawal Payments for Short-term Foreign Residents". English, Chinese, Korean, Portuguese, Spanish, Indonesian, Filipino (Tagalog), Thai, Vietnamese, Burmese, Cambodian, Russian, Nepali, Mongolian

(2) • Kopya ng passport • Dokumentong magpapatunay na wala kang adres sa Japan • Dokumentong magpapatunay ng beneficiary financial institution name, branch name, branch location, account number, account name na nakapangalan sa mismong claimant. • Basic Documents na magpapakita ng basic pension number, gaya ng pension number notification o pension handbook • o "letter of attorney" kung ang pag-claim ay gagawin sa pamamagitan ng agent.

2 Saan isumite Japan Pension Service Headquarters o Mutual Aid Associations, atbp

3 Paraan ng pagsumite Mail o Electronic Application

4 Panahon ng pagsumite Sa loob ng 2 taon pagkatapos umalis ng Japan ang isang panandaliang dayuhan matapos mawala ang kanyang address sa Japan

Para sa mga detalye, paki-tingnan ang website na "Lump-sum Withdrawal Payments for Short-term Foreign Residents", na available sa maraming wika sa website ng Japan Pension Service. Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng pensiyon.

Sa window ng pension office, maari kang makatanggap ng konsultasyon gamit ang interpreting service sa 10 wika.

Mga wika: English, Chinese, Korean, Portuguese, Spanish, Tagalog, Vietnamese, Indonesian, Thai, Nepali

- Oras: 8:30 a.m. ~ 5:15 p.m. (Lunes hanggang Biyernes) * Hindi kasali ang national holidays, "Year-end at New Year holidays (December 29 ~ January 3)".
- Ang Pension Office ay hindisumuporta sa telephone consultations gamit ang interpretation services.
- Mangyari lamang tandaan na maaaring maghintay para sa interpretation service kung sakaling busy.

Ipinakikilala,
aktibong
organisasyon
sa Prepektura

Bunka Kodomo Edu niho★nico

Umaasa kaming ang mga batang may ibang lahi ay makapamuhay ng may "Niho" (Japan) at "Niko" smile.

Nikochan ang mascot character



Kami ay volunteer group na nakabase sa Mizuho City na sumusuporta sa mga bata at pamilyang may koneksyon sa ibang bansa. Ang main activity ay para alalayan ang mga batang papasok sa elementary at junior high school sa siyudad upang matuto ng wikang hapon, makapaglaan ng payo sa papasok ng high school, at maghanda para sa entrance exam. Ang classes ay ginaganap kada-Sunday, ngunit pakikipag-koopera kasama ng elementary at junior high na mga paaralan, dumadalaw din kami sa paaralan para matulungan ang mag-aaral na sumulong sa mas mataas na edukasyon. At, isang beses sa isang taon kami ay nag-iimbiba sa mga artist na aktibo around the world na magsagawa ng workshop para makihalubilo sa mga local na Japanese na mga magulang at mga batang na konektago sa ibang lahi. Ang mga miyembro ng grupo ay mga part-time housewives na mga namumuhay sa loob at palibot ng Mizuho City. Karamihan sa kanila ay pamilyar sa school environment na pinapasukan ng mga bata, ang iba sa kanila ay mga dating learning supporters ng siyudad at Japanese language instructors. Nai namin na makagawa ng lugar na kung saan mag-enjoy ang mga bata habang sila ay natututo, at maturan ang bawat isa sa pamamagitan ng mga karanasan ng pagpapalaki ng mga bata.



Eksena sa Sunday Classroom



2019 Drama workshop



2019 Picture workshop



2021 Dance workshop

Itinatag : 2017

Lugar ng aktibidad : Mizuho City Civic Center, elementary at junior high school ng lungsod

Kinatawan : Kaori Matsui (Asahi University)

HP: <https://nihonicogifu.wixsite.com/nihonico/about-us>

Makipag-ugnayan sa : kaori-m@alice.asahi-u.ac.jp 058-329-1321 (Matsui)

☆☺ Tumatanggap kami ng mga gustong lumahok! Tinatanggap din ang mga taong may pinagmulan sa ibang bansa at mga estudyante sa unibersidad.

Mangyaring pumunta at tingnan ang aming mga aktibidad.



Inilathala ng

Gifu International Center (GIC)

Gifu Chunichi Bldg., 2F,
1-12 Yanagase Dori, Gifu City, 500-8875

☎ 058-214-7700 FAX 058-263-8067

E-mail gic@gic.or.jp URL <https://www.gic.or.jp>

Araw at Oras na Bukas: Linggo hanggang Biyernes, 9:30~18:00

Araw na Sarado: Sabado Piyesta Opisyal at katapusan ng Taon

Wika: English, Chinese, Portuguese, Tagalog at Vietnamese

Petsa ng Isyu

2022 Nobyembre 1

(3 beses sa 1 taon ang isyu Hulyo, Nobyembre at Pebrero)

